# 石綿を含む建材等が使用されている建築物等の解体等の業務に従事する場合の留意点や補償制度等について
# Tungkol sa mga dapat tandaan at mga sistema ng kompensasyon, atbp. kung magsasagawa ng mga trabahong tulad ng demolisyon ng mga gusali atbp. na gumagamit ng materyales sa konstruksiyon atbp. na naglalaman ng asbestos

## １　石綿を含む建材等が使用されている建築物等の解体等の業務に従事する場合の留意点について
## Tungkol sa mga puntong dapat tandaan kung magsasagawa ng mga trabahong tulad ng demolisyon ng mga gusali atbp. na gumagamit ng materyales sa konstruksiyon atbp. na naglalaman ng asbestos

あなたは今回の育成就労において、石綿を含む建材等が使用されている建築物等の解体等の業務に従事することがありますが、育成就労実施者は、あなたに健康障害を発生させないための措置を講ずるほか、あなたの健康管理のための健康診断を実施する義務があります。

Sa pagsasagawa nitong pagsasanay at pagtatrabaho, ikaw ay maaaring magsagawa ng mga trabahong tulad ng demolisyon ng mga gusali atbp. na gumagamit ng materyales sa konstruksiyon atbp. na naglalaman ng asbestos. Datapwat ang tagapagpatupad ng pagsasanay at pagtatrabaho ay mayroong tungkulin magpatupad ng mga kaukulang hakbang upang mapigilan ang anumang pinsala sa iyong kalusugan at bukod pa rito ay mayroon din itong tungkuling magsagawa ng medical check-up upang mapangalagaan ang iyong kalusugan.

あなたは、自身の健康障害を防止するため、作業手順を守り、保護具を適切に装着するなど、ルールを守って育成就労を行うほか、育成就労実施者が実施する健康診断を受ける義務があります。

Ikaw ay mayroong tungkuling gawin ang pagsasanay at pagtatrabaho habang sumusunod sa mga alituntunin, tulad ng pagsunod sa mga pamamaraan ng trabaho at wastong pagsuot ng protective equipment upang mapigilan ang anumang pinsala sa iyong kalusugan; at bukod pa rito ay mayroon ka ring tungkuling tumanggap ng medical check-up na isasagawa ng tagapagpatupad ng pagsasanay at pagtatrabaho.

育成就労の申込みは、これらの内容について十分に理解した上で決定してください。

Mangyaring tiyakin na sapat mong nauunawaan ang mga detalyeng ito bago magpasiyang mag-apply sa pagsasanay at pagtatrabaho.

## ２　労災保険給付について
## Tungkol sa benepisyo mula sa industrial accident compensation

石綿にばく露することによって、将来、肺がんや中皮腫等の疾病を発症する可能性があります。

Ang pagkakalantad sa asbestos ay maaaring maging sanhi ng karamdaman tulad ng kanser sa baga, mesothelioma atbp. sa hinaharap.

石綿を含む建材等が使用されている建築物等の解体等の業務に従事したことがあり、肺がんや中皮腫等を発症し、それが日本で労働者として従事していたことが原因である（業務上の疾病）と認められた場合には、労災保険給付を受けることができます。

Kung ikaw ay nagsasagawa ng mga trabahong tulad ng demolisyon ng mga gusali atbp. na gumagamit ng materyales sa konstruksiyon atbp. na naglalaman ng asbestos at nagkaroon ng kanser sa baga, mesothelioma atbp., at kinilala na ang sanhi niyon ay ang iyong pagtatrabaho bilang manggagawa sa

Japan (karamdamang mayroong kinalaman sa trabaho), ikaw ay maaaring tumanggap ng benepisyo mula sa industrial accident compensation.

なお、労災保険給付については、あなたが母国に帰国した場合であっても請求することができます。

Maaari kang humingi ng benepisyo mula sa industrial accident compensation kahit na bumalik ka na sa iyong sariling bansa.

年　月　日
ika-　ng　taong

以上の内容について説明しました。
Ipinaliwanag ko na ang mga detalye sa itaas.

説明者の氏名 ＿＿＿＿＿＿＿＿＿＿

Pangalan ng tagapagpaliwanag ＿＿＿＿＿＿＿＿＿＿

（申請者（育成就労実施者）との関係　　　　　）

(Kaugnayan sa aplikante (tagapagpatupad ng pagsasanay at pagtatrabaho):　　　　　)

以上の内容について、上記の説明者から説明を受け、その内容を十分理解しました。

Nakatanggap ako ng paliwanag tungkol sa mga detalye sa itaas mula sa tagapagpaliwanag ng nakasulat sa itaas, at aking sapat na nauunawaan ang mga detalyeng iyon.

年　月　日
ika-　ng　taong

育成就労外国人になろうとする者／育成就労外国人の署名 ＿＿＿＿＿＿＿＿＿＿

Lagda ng (taong naglalayong maging) dayuhang nasa ilalim ng pagsasanay at pagtatrabaho ＿＿＿＿＿＿＿＿＿＿